


# Bukas Na ang Aming Waitlist ng Pabahay!



## Bubuksan ang Waitlist sa Abot-Kayang Pabahay ng Tacoma Abril 3, 2023 - Abril 17, 2023

Inaanyayahan ng Tacoma Housing Authority, (THA, Pangasiwaan sa Pabahay ng Tacoma) ang mga taong karapat-dapat mag-apply sa mga programa nitong abot-kayang pabahay. Iniaalok namin ang dalawang pangunahing uri ng tulong sa pabahay: abot-kayang mga apartment para sa pag-renta, o voucher para tumulong sa pagbabayad ng renta sa Tacoma. Tatanggapin namin ang mga aplikasyon mula:

**9 AM ng Lunes, ika-3 ng Abril hanggang 4 PM ng Lunes, Abril 17, 2023**

### Narito Ang Kailangan Mo sa Pag-Apply

1. Buong pangalan at pangunahing impormasyon para sa lahat ng miyembro ng iyong sambahayan.
2. Mga Social Security Number para sa mga nasa hustong gulang (18 pataas) na mayroon.
3. Taunang kita para sa buong sambahayan.
4. Aktibong email address. Puwede kang gumawa ng email sa gmail.com o outlook.com

**Mag-apply sa:**

**[www.tacomahousing.org/waitlist](http://www.tacomahousing.org/waitlist)**

Para sa mga makatuwirang akomodasyon at tulong sa wika, tumawag sa 253-448-2738 o mag-email sa [waitlist@tacomahousing.org](mailto:waitlist@tacomahousing.org).



Scan me with your phone's camera or QR Code app

# Karaniwang Mga Tanong

## Karapat-dapat Ba Akong Mag-Apply?

Karapat-dapat mag-apply sa waitlist na ito ang mga may mababang kitang sambahayan na iba't-iba ang laki Bilang ng mga tao sa iyong sambahayan:

1	2	3	4	5	6	7	8
\$35,550	\$40,600	\$45,700	\$50,750	\$54,850	\$58,900	\$62,950	\$67,000

## Kailangan ko bang tumira sa Tacoma para mag-apply?

Hindi.

## Paano at kailan ako dapat mag-apply?

May tatlong paraan para mag-apply:

- 1. Online** - Mag-apply online sa [Tacomahousing.org/waitlist](http://Tacomahousing.org/waitlist). Ito ang pinakamabuti at pinakamabilis na paraan para mag-apply.
- 2. In-Person** - Mag-apply nang in-person gamit ang aming tablet o computer sa isa sa mga sumusunod na lokasyon:
  - THA Main Offices - 902 S L Street, Tacoma, WA 98405
  - Salishan Family Investment Center - 1724 E 44th Street, Tacoma, WA 98404
  - Bay Terrace - 2550 S G Street, Tacoma, WA 98405
- 3. Telepono** - Tumawag sa (253) 448-2738, Lunes-Biyernes, 9am - 4pm

Dapat kang mag-apply sa pagitan ng 9 AM ng Lunes, ika-3 ng Abril at 4 PM, Lunes, ika-17 ng Abril, 2023. Hindi makakaapekto ang iyong pag-a-apply sa iyong mga tsansa na mapadagdag sa waitlist o mapabilang sa waitlist.

## Puwede ba akong mag-apply nang higit sa isang beses sa panahong ito ng pag-a-apply?

Hindi. Kapag nag-apply ka, hinihiling namin sa isulat mo ang bawat isa sa iyong sambahayan. Hindi na maaaring mag-apply ang sinumang nasa listahan ng waitlist.

## Paano ko malalamang natanggap na ninyo ang aplikasyon ko?

Kung nag-apply ka online, makakakuha ka ng confirmation number at email kasama ang iyong kumpletong aplikasyon.

## Kailan ko malalaman ang sagot?

1,800 sambahayan ang mapipili ng loterya sa aming waitlist. Iyan ang bilang ng puwede naming asikasuhin sa loob ng dalawang taon. Mapapabilang sa waitlist ang mga sambahayan sa hindi magkakasunod na ayos. Pasimula sa ika-15 ng Mayo, makikipag-ugnayan kami sa mga aplikante at sasabihin sa kanila kung napili sila o hindi mula sa waitlist.

## Kung mapasama ako sa waitlist, ano ang kasunod na mangyayari?

Kung nailagay ka ng loterya sa aming waitlist, makakakuha ka ng assigned number. Kapag unang-una ka sa listahan, sinusuri namin para matiyak namin na karapat-dapat ka pa rin. Kung karapat-dapat ka nga, iaalok namin sa iyo ang aming unang makukuhang opsiyon sa pabahay:

1. Isang tahanan sa isa sa aming mga propyedad. Kailangan mong tanggapin ang lokasyon malibang may mabuting dahilan para hindi ito tanggapin.
2. Isang alok para tulungan kang bayaran ang iyong renta sa Tacoma. Ikaw ang pipili kung saan ka titira.

## Kailan muling tatanggap ng aplikasyon ang THA?

Madalas, tinatanggap namin ang mga aplikasyon kada dalawang taon. Hihintayin naming kumaunti ang waitlist bago magdagdag dito ng tao. Bisitahin ang [www.tacomahousing.org/notifyme](http://www.tacomahousing.org/notifyme) at mag-sign up para makatanggap ng email kapag nagbukas muli ang waitlist.